

Kung ikaw o ang pamilya ay nahawa ng NCoVid-19 o nagkaroon ng direktang interaksyon sa taong may impeksiyon

- Upang hindi makahawa ng kapamilya, kaibigan o iba pang tao, sundin ang mga nakasaad sa ibaba.

1. Kaagad na makipag-ugnayan sa paaralan, Kodomo no Miraien at kumpanya kung saan namamasukan!

- Kung may nahawa sa miyembro ng pamilya, o direktang nagkaroon ng kontak sa taong may impeksiyon (maaaring nahawa na rin ito), kaagad na makipag-ugnayan sa paaralan, Kodomo no Miraien, Children`s club at kumpanyang pinapasukan.

2. Pagbukurin ang mga kuwarto! Huwag lalabas ng bahay!

- Ang taong nahawa o nagkaroon ng direktang kontak sa taong may impeksiyon (maaaring nahawa na rin ito) ay kinakailangang ihiwalay ng kuwarto mula sa malulusog na kapamilya.
Ihiwalay rin ng kuwarto maging sa pagkain o pagtulog.
Kung hindi sapat ang bilang ng kuwarto, lumayo ng may 2m distansiya mula sa isa`t-isa, maglagay ng kurtina o partision.
- Ang taong nahawa o nagkaroon ng direktang kontak sa taong may impeksiyon (maaaring nahawa na rin siya), hangga`t maaari ay iwasan ang lumabas ng kuwarto. Hangga`t maaari ay madalang na gamitin ang palikuran, banyo na ginagamit rin ng ibang kapamilya.
- Ang taong nahawa o nagkaroon ng direktang kontak sa taong may impeksiyon (maaaring nahawa na rin siya) ay huwag lalabas ng bahay.
- Ang taong nagkaroon ng direktang kontak sa taong may impeksiyon

(maaaring nahawa na rin siya), na kahit negatibo ang resulta ng PCR kensa (examination; hindi nahawa ng NCoVid-19) ay hindi tiyak na walang sakit. Huwag lumabas ng bahay 2 linggo mula sa araw na nagkaroon ng interaksyon sa taong may impeksiyon.

- Iwasan rin ng kapamilya na walang sakit ang lumabas ng bahay.
- Kung ikaw o ang kapamilya ay nahawa, o nagkaroon ng direktang interaksyon sa taong may impeksiyon (maaaring nahawa na rin siya), tiyakin na ipapaalam sa kumpanyang pinapasukan o paaralan, nursery ang posibilidad ng pagkahawa.
- Italaga ang taong mag-aalaga sa taong nagka-impeksiyon o nagkaroon ng direktang interaksyon sa taong may impeksiyon. Iwasan ang paalagaan ang mga ito sa bata, matanda na, may sakit sa puso o baga, may diabetes o buntis.

3. Iwasan nating makahawa ng NCoVid-19.

- Kahit nasa loob ng bahay ay magsuot ng mask ang bawat miyembro ng pamilya



- Huwag ilabas ng kuwarto ang ginamit na mask.
- Kung tatanggalin ang mask, huwag hawakan ang harapang bahagi nito. Hawakan ito sa strap na isinasabit sa tainga.

- Pagkatanggal ng mask, tiyakin na maghuhugas gamit ang tubig at sabon o kaya naman ay gumamit ng alcohol sa kamay.



- Madalas na gumamit ng sabon sa paghuhugas ng kamay o gumamit ng alcohol sa kamay. (Huwag hawakan ang mata, ilong o bibig ng kamay na hindi nahugasan)

- Huwag gamitin ang tuwalyang pamunas sa palikuran, lababo, banyo, kusina, atbp.



- Madalas na buksan ang bintana, kahit sa oras na nakabukas ang aircon.

Gayundin naman, ang mga bintana sa espasyo na ginagamit ng lahat (palikuran, lababo, kusina, sala, atbp.), kuwarto ng iba pang kapamilya.

- Ang mga door knobs, upuan, atbp. lugar na madalas hawakan ng mga tao ay punasan ng tubig pagkatapos punasan ng house chlorine bleach na hinaluan ng tubig (kitchen haita-).

→500ml(1 PET bottle) na tubig, maghalo ng 12.5ml (kitchen haita- 1/2 ng takip nito) house chlorine bleach (kitchen haita-).

Ilubog ang paper towel o kitchen paper sa solusyon nito, punasan ang mga lugar at bagay na madalas nahahawakan ng mga tao.

Pagkatapos nito, punasan ng malinis na tubig.

※ Mag-iiba ang lebel ng tapang ng solusyon depende sa produkto.

Kung Kaneyo Bleach (Kaneyo sabon), Bleach (Mitsuei) ang gagamitin, maglagay ng 5ml sa 500ml na tubig (1 PET bottle).

- Ibadad ang mga napawisan at narumihang damit, guwantes o mask sa pangkaraniwang bleach at patuyuin nang husto.

4. Para sa mga taong pinayuhan ng pampublikong health center na manatili sa kanilang mga tahanan.

- Sa mga naimpeksiyon at close contact (may posibilidad na nahawa) na magaan ang sintomas at pinayuhang manatili sa tahanan ng pampublikong health center, sa mga mahihirapang makakuha ng tulong mula sa pamilya at kaibigan, ang Inuyama City Hall ay bumuo ng 「Emergency Life Support Team」(Kinkyu-ji Seikatsu Shien Team) kung saan maaari kayong makatanggap ng tulong.

【Ang maaaring maitulong ng grupo】

- Tagapamily ng mga pangangailangan (mula sa salaping manggagaling sa pasyente, ipamimili katulad ng pagkain at iba pang pang-araw-araw na kagamitan).

- Tagakuha ng medisina o gamot (tatawagan ng tao ang medikal na institusyon at kukunin ng napag-atasan ang mga gamot na kinakailangan).

- Pagtiyak ng kondisyon ng kalusugan

【Aplikasyon】

- Tumawag sa telepono ang sinumang nangangailangan ng suporta para sa aplikasyon.

Inuyama City Hall Health Welfare Department Welfare Division
Emergency Life Support Team

[TEL:0568-44-0319](tel:0568-44-0319)

※ Oras ng tanggapan:

Lunes hanggang Biyernes (sarado ng piyesta opisyal), 8:30~17:00

- Para sa mga nais gumamit ng serbisyo ng interpretasyon, tumawag lamang sa Chiiki Kyoudo-ka (Regional Collaboration Division 0568-44-0343).

※ Araw na may interpreter:

Portuges Tuwing Lunes, Biyernes, 9:00~15:00

Espanyol Tuwing Biyernes 13:00~16:30

Tagalog Tuwing Unang Biyernes ng buwan 13:00~16:30

Ingles Tuwing Unang Biyernes ng buwan 13:00~16:30

Intsik Tuwing Unang Biyernes ng buwan 13:00~16:30

5. Bukod pa rito, ingatan rin ang mga sumusunod.

- Ang taong nahawa o nagkaroon ng direktang kontak sa taong may impeksiyon (maaaring nahawa na rin siya), o ang kapamilyang kasama sa bahay; kahit na hindi lalagpas sa 37.5°C ang body temperature, hangga't maaari ay iwasan ang lumabas ng bahay.

- Kung ang body temperature ay mas mataas sa 37.5°C, malubha ang ubo, iba ang kondisyon ng katawan, sumagguni sa health center sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono. (Aichi Ken Konan Health Center Consultation Center Tel. No.: 0587-55-1699)

6. Kadalasang katanungan

Tanong1:Kung sakaling nahawa ng NCoVid-19, saan dapat sumangguni o magtanong?

Sagot:Tumawag sa Aichi Ken Konan Health Center

【Tel. No. 】0587-55-1699

【Oras ng tanggapan】

Lunes hanggang Biyernes, sa pagitan ng alas-9:00~alas-17:30.

※ Walang interpreter. Kailangang marunong ng wikang nihongo ang tatawag.

Tanong 2:Ano ang PCR kensa (examination)?

Sagot:Malalaman sa resulta nito kung nahawa ng NCoVid-19 o hindi.

Tanong 3:Libre ba ang PCR kensa (examination)? Saan maaaring magpa-eksamin?

Sagot:Libre para sa mga taong pinayuhan ng health center na sumailalim sa pagsusuri (¥0). Ito ay isasagawa sa ospital na sasabihin ng health center. Ang ibang tao na hindi naman pinayuhan ng health center ay may bayad ang PCR kensa.

Tanong 4:Kung ito ay ipapaalam sa paaralan, malalaman ba ng ibang tao ang aking pangalan?

Sagot:Ang mga personal na impormasyon ay papanatilihing confidential. Hindi ipapaalam sa ibang tao ang inyong pangalan.

Tanong 5:Nais kong sumangguni hinggil sa pamumuhay. Paano ang aking gagawin?

Sagot:Tumawag sa Aichi Multicultural Center. Mayroon ditong interpreter.

【Tel. No.】052-961-7902

【Oras ng tanggapan】Lunes hanggang Sabado,

mula alas- 10:00 hanggang18:00.

【Wikang may interpreter】

Portuges, Espanyol, Ingles, Intsik, Filipino/ Tagalog, Vietnamese, Nepalese, Indonesian, Thai, Hangul, Myanmar.

《Inilathala ng:》Inuyama City Hall Regional Collaboration Section
Tel. No.: 0568-44-0343